# MGA BAGONG TAGAPAGLIGTAS



Kuwento ni:
LIEZEL H. SUNGA

Guhit ni:
IMA FRANCHESKA L. ALO



***PAMANTAYAN SA PAGKATUTO***

*Pagpapaunlad ng Sosyo-Emosyunal at Kakayahang Makipamuhay*

*Nakikilala ang mga taong nakakatulong sa komunidad. KMKPKom-00-2*

*Natutukoy ang iba't ibang lugar sa komunidad. KMKPKom-003*

*Nakikilala ang mga pangunahing emosyon. KMKPPam-00-5*



## Development Team

Kuwento ni: **Liezel H. Sunga**

Guhit at Lapat ni: **Ima Francheska L. Alo**

Learning Resource Manager:

Ruby M. Jimenez, PhD

*Learning Resources Management and Development Section, EPS-I*

**Pampanga**

# MGA BAGONG TAGAPAGLIGTAS



Ako si Lea, alam niyo ba na pangarap kong maging tagapagligtas ng mundo? Yung lumilipad at may kapangyarihan!



Si Darna ang pinakaidolo ko, ang pinakamagandang mandirigma sa mundo. Gusto kong maging katulad niyang matapang.



Kung magiging si Darna ako, lilipulin ko lahat ng masasamang tao sa mundo at ipagtatanggol ang mga taong nasa panganib.



Sabi ni Nanay, wala daw mandirigma sa totoong buhay. Hindi kasi niya alam na ako na ang susunod na Darna.



Darating ang araw na ililigtas din ako ni Darna. Kailan kaya darating ang araw na makikita ko ang aking idolo?



Madalas kapag wala akong ginagawa, naglalakad ako upang hanapin si Darna. Alam ko nandiyan lang siya upang iligtas ang mundo.



Sa aking paglalakad ay may biglang sumigaw. “Magnanakaw!” Sa kabilang kanto may aleng hinahabol ng isang mama.



Hayan na si Darna, ang tagapagligtas! Teka, hindi ito lumilipad? Bakit posas ang dala nito? Pulis ang nagligtas sa ale!



"Bakit hindi siya dumating?" naisip ko baka hindi narinig ni Darna ang sigaw ng ale. Baka iba ang nailigtas niya.



Sa paaralan, habang nagkaklase kami, biglang lumindol. Natataranta kaming nagtago sa ilalim ng mesa. "Darna, iligtas mo kami!" pagmamakaawa ko.



Nagsitakbuhang palabas ng silid-aralan ang mga kaklase ko. Naiwan ako sa loob at umaasang darating si Darna.



Ngunit hindi si Darna ang nagligtas sa akin, ang mabait naming guro ang humila sa akin palabas.



Nang pauwi na ako, napansin ko ang maitim na usok sa bahay namin. “Naku po, ang bahay namin, nasusunog!”



Sa pagkakataong ito si Darna lang ang makakatulong sa amin. Kaya sumigaw ako. “Darna, nasaan ka? Tulungan mo kami!”



Sa sobrang pag-aalala ko, buong tapang kong hinarap ang panganib. Nasa loob si Nanay. Kailangan ko siyang iligtas.



Nakita kong nakahandusay si Nanay at walang malay. Ginising ko siya upang makaalis kami sa malaking sunog.



Ngunit sa sobrang laki ng sunog, hindi namin nagawang makalabas. “Nasaan na si Darna? Bakit hindi niya kami iniligtas?”



Nabigo ako dahil ni anino ni Darna ay hindi ko nakita. Isang matapang na bumbero ang dumating upang iligtas kami.



Mabilis niyang inilabas ang mahiwagang *hose* at parang isang madyik, natupok ang malaking sunog. Ligtas na kami sa panganib.




Dali-dali kaming isinugod sa ospital ni Nanay dahil sa pinsalang naidulot ng sunog. Lapnos at galos ang aming natamo.



Darating si Darna, gagamitin ang kanyang kapangyarihan upang gumaling kami. "Teka, bakit nakaputi ang mga dumating? Nasa langit ba kami?"



Doktor at nars ang dumating.
Dahil sa pag-aaruga at
pag-aasikaso nila sa amin ni Nanay,
mabilis ang paggaling namin.



Naisip kong hindi pala totoo si Darna. Walang kapangyarihan at hindi lumilipad ang mga tagapagligtas sa totoong buhay.



Salamat sa mga taong handang ibuwis ang kanilang buhay. Pulis, guro, bumbero, nars at doktor ang mga tunay na bayani!



Isang gabi, bago kami matulog ni Nanay, binigyan niya ako ng isang regalo. “Para saan kaya ang regalong ito?”




Laking tuwa ko nang buksan ko ito, kostyum ni Darna! Ito ang matagal ko ng pangarap na matanggap.





Niyakap ko si Nanay at nagpasalamat. Nangako ako na paglaki ko, ako ang magiging pinakamaganda at pinakamatapang na tagapagligtas niya.





TUNGKOL SA MAY-AKDA, TAGAGUHIT AT TAGALAPAT

| | |
|---|---|
| **LIEZEL H. SUNGA:** | Kasalukuyang nagtuturo sa<br>Bebe Matua Elementary School,<br>Bebe Matua, Masantol, Pampanga<br>bilang Teacher I. |
| **IMA FRANCHESKA L. ALO:** | Kasalukuyang nagtuturo sa<br>San Miguel Elementary School,<br>San Miguel, San Simon, Pampanga<br>bilang Teacher I. |

Si Darna ay idolo ni Lea. Para sa kanya, ito ang kanyang tagapagligtas. Pangarap niya itong makita. Naniniwala siya na darating ang panahon, magiging mandirigma din  siya kagaya ni Darna.

Paano kung isang araw ay malagay siya sa panganib o ang mga taong nakapaligid sa kanya? Ililigtas kaya sila ni Darna?

